



Republic of the Philippines
Department of Education
 REGION X - NORTHERN MINDANAO
 DIVISION OF MALAYBALAY CITY

DM - 2021-07-400
 DEPED MALAYBALAY CITY DIVISION
 RELEASED
 DATE: JUL 27 2021 TIME: 10:49 AM
 BY: _____

MEMORANDUM PANSANGAY
 Blg. 460, s. 2021

PARA SA : Kawaksing Tagapamanihala ng Paaralan
 Hepe ng mga Superbisor CID/ SGOD, Kawani
 Prinsipal Elementarya, Sekondarya, Senior High school
 Lahat ng kinaaukolan

MULA KAY:  VICTORIA V. GAZO, PhD, CESO V
 Tagapamanihala ng Paaralan

PETSA : Hulyo 27, 2021

PAKSA : PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY AT MALAYANG TULA

1. Kalakip ay ang Memorandum Panrehiyon Blg. 369, s. 2021 hinggil sa panawagan sa paglahok sa pagsulat ng sanaysay at malayang tula, mula sa *Central Office* bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Buwan ng Wika 2021 na may temang "Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino."

2. Ang mga kasunod na mga paaralan ay silang magsusumite sa paligsahan at ipapasa ito bago ang Agosto 8, 2021. Bukas ang timpalak sa apat na dibisyon mula sa pampublikong paaralan sa taong panuruan 2020- 2021:

Baitang 4-6 (Elementarya)
 Baitang 7-10 (Junior High School)
 Baitang 11-12 (Senior High School)
 Mga guro na nagtuturo ng Filipino

Distrito	Paaralan	Distrito	Paaralan
1	Capitan Angel IS	6	Aglayan Central Sch.
	Dalwangan Elem.		Cabangahan ES
	Dalwangan NHS		Magsaysay IS
	Kalasungay Central ES		Malaybalay City Science HS





Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X - NORTHERN MINDANAO
DIVISION OF MALAYBALAY CITY

	Kalasingay NHS	6	Mapayag IS
2	Can-ayan –IS	7	Apo Macote NHS
	Sumpong Sentral		Bangcud Central School
3	Bukidnon NHS		Bangcud National HS
	Imbayao ES		Calawag ES
	Imbayao NHS		Simaya IS
4	BCT ES	8	Isabela Ayala Gonzales ES
	Barangay 9ES		Linabo Central ES
	Casisang NHS		Sawaga ES
	Mlbly. City Central Sch.		San Martin Agro Industrial HS
5	AVES		Lalawan NHS
	Casisang Integrated Central Sch.	9	Managok Central Sch
	Casisang SHS)		Managok National HS
	Malaybalay City NHS		Miglamín NHS
	San Jose ES		Maligaya ES
10	Busdi IS	10	St.Peter HS
	Zamboaguita Cent.Sch		St.Peter ES
	Silae NHS		Silae ES
	Kibalabag ES		Indalasa ES

3. *May cash prize*, sertipiko at medalya para sa mga mananalo at makakatanggap din ng Sertipiko ng Pagkilala ang mga tagapayo ng mga mananalo. Ang mga opisyal na pormularyo ay matatagpuan sa loob ng memo.
4. Para sa karagdagang detalye, mangyari tumawag o mag text sa telepono bilang 09368401920 kay Maria Concepcion S. Reyes at makipag-ugnayan kay Ma. Luisa M. Cantillo, SEPS ng Bureau of Curriculum Development o bcd.csdd.filipino@deped.gov.ph
5. Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Copy furnished: CID – Learning Resources Management Section
TO BE POSTED IN THE WEBSITE



Address: Sayre Hi-way, Purok 6, Casisang, Malaybalay City
Telefax No.: 088-314-0094; Telephone No.: 088-813-1246
Email Address: malaybalay.city@deped.gov.ph



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X - NORTHERN MINDANAO

3413

for. notan

07/21/21

Tanggapan ng Direktor Panrehiyon

Hulyo 22, 2021

MEMORANDUM PANREHIYON

Blg. 369, s. 2021

**PANAWAGAN SA PAGLAHOK SA PAGSULAT
NG SANAYSAY AT MALAYANG TULA**

Para sa: Tagapamanihala ng mga Sangay at Paaralan
Lahat ng mga Kinauukolan

1. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Buwan ng Wika 2021 na may temang "Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino" na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika, ang Kawanihan sa Paglinang ng Kurikulum o Bureau of Curriculum Development, katuwang ang Kawanihan sa Linangan ng Pagkatuto (Bureau of Learning Delivery), ay magsasagawa ng paligsahan sa pagsulat ng sanaysay at pagsulat ng malayang tula.
2. Nilalayan ng paligsahang ito ang sumusunod:
 - a. Mabigyang pagkilala ang natatanging kakayahan at kasanayan ng mga guro't mag-aaral sa pagsulat;
 - b. Mapili at mabigyang parangal ang mga orihinal na akda ng mga guro't mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay at malayang tula;
 - c. Makita ang bias ng kurikulum sa pagtuturo at pagkatuto ng wika
 - d. Mapaingting ang paggamit ng wikang filipino sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga akdang pampanitikan; at
 - e. Makapangalap ng mga akda na magagamit bilang supplemental na mga basahin.
3. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga dokumento sa naturang gawain.
4. Inaasahan ang daglian at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

for. notan
DR. ARTURO B. BAYOCOT, CESO III
Direktor Panrehiyon



DepEd Regional Office X, Zone 1, Upper Balulang, Cagayan de Oro City
(088) 856-3932 | (088) 881-3137 | (088) 881-3031
Department of Education Region 10
region10@deped.gov.ph





Republic of the Philippines
Department of Education
PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

BCD-CSDD-O-2021-2483

MEMORANDUM
DM-OUCI-2021-272

PARA SA : Ministro, Ministryo ng Batayan, Mas Mataas at
Teknikal na Edukasyon ng BARMM
Panrehiyong Direktor
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan
Tagapamuno/Punongguro ng mga Paaralan
Iba pang Kinauukulan

MULA KAY : 
DIOSDADO M. SAN ANTONIO
Pangalawang Kalihim
Kurikulum at Pagtuturo

PAKSA : **PANAWAGAN SA PAGLAHOK SA PAGSULAT NG SANAYSAY AT
PAGSULAT NG MALAYANG TULA**

PETSA : 16 Hulyo 2021

1. Bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Buwan ng Wika 2021 na may temang *Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino* na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika, ang Kawanihan sa Paglinang ng Kurikulum o *Bureau of Curriculum Development* katuwang ang Kawanihan sa Linangan ng Pagkatuto (*Bureau of Learning Delivery*) ay magsasagawa ng paligsahan sa pagsulat ng sanaysay at pagsulat ng malayang tula.
2. Nilalayan ng paligsahang ito na:
 - a) mabigyang pagkilala ang natatanging kakayahan at kasanayan ng mga guro't mag-aaral sa pagsulat;
 - b) mapili at mabigyang parangal ang mga orihinal na akda ng mga guro't mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay at malayang tula;
 - c) makita ang bisa ng kurikulum sa pagtuturo at pagkatuto ng wika
 - d) mapaigting ang paggamit ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga akdang pampanitikan; at
 - e) makapangalap ng mga akda na magagamit bilang supplemental na mga babasahin.



Republic of the Philippines
Department of Education
PUNONG TANGGAPAN
KAWANIHAN SA PAGLINANG NG KURIKULUM

Pormularyo sa Paglahok ng Guro
PERSONAL NA IMPORMASYON AT PAGTATALAGA NG MGA KARAPATAN

PANGALAN: _____
SAGISAG-PANULAT/PEN NAME: _____
Edad at Petsa ng Kapanganakan: _____ Kasarian: _____ Katayuang Sibil: _____
Lugar ng Kapanganakan: _____

Telepono: _____ Mobile: _____
Adres: _____
Email: _____

Paaralan: _____
Adres ng Paaralan: _____
Purok at Sangay: _____
Rehiyon: _____
Antas/Baitang na Tinuturuan: _____
Posisyon/Designasyon: _____

Pangalan ng Punongguro/School Head: _____
Telepono ng Paaralan o ng Punongguro/School Head: _____

ISINUMETENG LAHOK

___ Sanaysay
___ Tula

Pamagat:

Bilang ng Salita/Taludtod:

Matapat akong nanunumpa sa ngalan ng aking dangal na ang aking isinumiteng ___ sanaysay ___ tula ay orihinal kong akda/likha at hindi tinulad mula sa alinmang umiiral na akda/likha ng ibang tao. Ganap kong nababatid ang kahihinatnan at kaparusahan na maaaring ipataw sa akin kung ang materyal na ito ay mapatutunayang *plagiarized*, kinopya o tinulad, o lumabag sa *copyright* ng orihinal na may-akda alinsunod sa umiiral na mga batas, mga alituntunin at



Republic of the Philippines
Department of Education
PUNONG TANGGAPAN
KAWANIHAN SA PAGLINANG NG KURIKULUM

regulasyon. Dahil dito ay nilalagdaan ko maging ng nakatataas sa akin ang pormolaryong ito sa paglahok bilang patotoo sa kawastuhan at katotohanan ng lahat ng impormasyong nakasaad dito.

Idinedeklara ko na nabasa at sinang-ayunan ko ang lahat ng mga alituntunin ng Paligsahan. Sa pamamagitan nito ay ipinagkakaloob ko sa Kagawaran ng Edukasyon ang eksklusibong karapatan upang magamit ang *copyright* at iba pang mga karapatan sa intelektuwal na pagmamay-ari kabilang ang *storage*, *derivation*, at pamamahagi sa kondisyon na ako ay mananatiling nakatala bilang pangunahing maylikha ng akda.

Nilagdaan ngayong ika-__ ng _____, 2021.

Pangalan at Lagda ng Kalahok

Pinatutunayan ni:

Pangalan at Lagda ng Punongguro/School Head



Republic of the Philippines
Department of Education
BUREAU OF CURRICULUM DEVELOPMENT

Curriculum Standards Development Division

PORMULARYO NG PAHINTULOT NG MAGULANG

Pinatutunayan nito na binibigyan ko ng pahintulot ang aking anak na si _____ na sumali sa Patimpalak sa Pagsulat ng Sanaysay/Tula ng Kawanihan sa Paglinang ng Kurikulum o Bureau of Curriculum Development .

Nakalimbag na pangalan at tagda ng magulang o legal na tagapangalaga

Petsa ng Pagsumite



Republic of the Philippines
Department of Education

**PUNONG TANGGAPAN
KAWANIHAN SA PAGLINANG NG KURIKULUM**

pormolaryong ito sa paglahok bilang patotoo sa kawastuhan at katotohanan ng lahat ng impormasyong nakasaad dito.

Idinedeklara ko na nabasa at sinang-ayunan ko ang lahat ng mga alituntunin ng Paligsahan. Sa pamamagitan nito ay ipinagkakaloob ko sa Kagawaran ng Edukasyon ang eksklusibong karapatan upang magamit ang *copyright* at iba pang mga karapatan sa intelektuwal na pagmamay-ari kabilang ang *storage*, *derivation*, at pamamahagi sa kondisyon na ako ay mananatiling nakatala bilang pangunahing maylikha ng akda.

Nilagdaan ngayong ika-___ ng _____, 2021.

Pangalan at Lagda ng Kalahok

Pinatutunayan nina:

Pangalan at Lagda ng Tagapayo

Pangalan at Lagda ng Punongguro/ School Head



Republic of the Philippines
Department of Education
PUNONG TANGGAPAN
KAWANIHAN SA PAGLINANG NG KURIKULUM

Pormularyo sa Paglahok ng Mag-aaral
PERSONAL NA IMPORMASYON AT PAGTATALAGA NG MGA KARAPATAN

PANGALAN: _____
SAGISAG-PANULAT/PEN NAME: _____
Edad at Petsa ng Kapanganakan: _____ Kasarian: _____
Lugar ng Kapanganakan: _____

Telepono: _____ Mobile: _____
Adres: _____
Email: _____

Paaralan: _____
Adres ng Paaralan: _____
Purok at Sangay: _____
Rehiyon: _____

Pangalan ng Guro sa Filipino: _____
Pangalan ng Punongguro: _____
Telepono ng Paaralan o ng Punongguro: _____

ISINUMETENG LAHOK

____ Sanaysay
____ Tula
____ Dibisyon

Pamagat:

Antas/Baitang (TP. 2020-2021):

Bilang ng Salita/Taludtod:

Matapat akong nanunumpa sa ngalan ng aking dangal na ang ___ sanaysay ___ tula na aking isinumite ay orihinal kong akda/likha at hindi tinulad mula sa alinmang umiiral na akda/likha ng ibang tao. Ganap kong nababatid ang kahihinatnan kung ang materyal na ito ay mapapatunayang *plagiarized*, kinopya o tinulad, o lumabag sa *copyright* ng orihinal na may-akda alinsunod sa umiiral na mga batas, mga alituntunin at regulasyon. Dahil dito ay nilalagdaan ko maging ng aking guro na aking Tagapayo at ng aking Punongguro ang



Republic of the Philippines
Department of Education
PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

BCD-CSDD-O-2021-2483

3. Kaugnay nito, inaanyayahan ng BCD ang lahat ng mga kwalipikadong guro't mag-aaral na lumahok sa paligsahan. Bukas ang timpalak sa apat na dibisyon mula sa mga pampublikong paaralan taong panuruan 2020-2021:
Baitang 4-6 (Elementarya)
Baitang 7-10 (Junior High School)
Baitang 11-12 (Senior High School)
Mga guro na nagtuturo ng Filipino
4. Hindi maaaring lumahok ang sinumang nakapaglathala na ng akdang may parehong paksa o nagwagi na sa anumang paligsahan sa pagsulat tulad sa KWF at iba pang kinikilalang mga patimpalak sa pagsulat ng mga akdang pampanitikan.
5. Ang mga kalahok ay kinakailangang may *active email account* na mapagdadalhan ng konfirmasyon kung sakaling ang ipinasang lahoc o entri ay pasado sa mga kahingian at maisasama sa pinal na paghuhusga ng mga hurado.
6. Para sa Baitang 4-6, maaaring gamitin ang *email account* ng magulang, kapamilya o di kaya'y *email account* ng tagapayo na siyang gagabay sa mag-aaral sa paglahok.
7. **Isang (1) katategorya lamang** (tula o sanaysay) ang maaaring salihan ng kalahok at **isang (1) entri lamang** din ang maaaring ipasa.
8. Ang entring ipapasa ay nasa wikang Filipino, kailangang orihinal ang akda, hindi pa nailalathala at hindi isang salin mula sa ibang wika.
9. Ang mga kalahok ay kailangang maghanda ng mga sumusunod:
 - a) Kopya ng kompiyuterisadong lahoc o entri
 - Isang MS word format
 - Gamit ang font na Arial 12 pt
 - Double spaced para sa **pagsulat ng sanaysay** at single spaced para sa **pagsulat ng malayang tula** sa A4 size (bond paper)
 - May palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibaba, at gilid.
 - b) Sagisag-panulat (pen name) lamang ang gagamitin at hindi pinahihintulutang gumamit ng anumang pahiwatig ng tunay na pangalan ang mga kalahok sa ipapasang entri.
 - c) Kasama ng entri na ipapasa ang mga sumusunod na kahingian na naka-pdf format:
(1) Pormularyo ng pahintulot ng magulang o tagapangalaga



Republic of the Philippines
Department of Education
PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

BCD-CSDD-O-2021-2483

(para sa mga mag-aaral);

(2) **Pormularyo sa Paglahok ng Mag-aaral**

Pormularyo sa Paglahok ng Guro:

(3) curriculum vitae at bionote (para sa mga guro);

(4) 2x2 retrato ng kalahok (*recent* at naka-jpeg format); at

(5) kopya ng balidong ID o *Certificate of Enrollment* para sa mga mag-aaral (*naka-pdf format*)

10. Ang mga soft copy na dokumento at entri ay kailangang ipaloob sa nakatalagang link sa bawat dibisyon:

Pagsulat ng Sanaysay	Dibisyon	Link
Baitang 4-6	A	https://bit.ly/BCD-BNW-Sanaysay-Dib-A
Baitang 7-10	B	https://bit.ly/BCD-BNW-Sanaysay-Dib-B
Baitang 11-12	C	https://bit.ly/BCD-BNW-Sanaysay-Dib-C
Mga Guro na nagtuturo ng Filipino	D	https://bit.ly/BCD-BNW-Sanaysay-Dib-D

Pagsulat ng Tula	Dibisyon	Link
Baitang 4-6	A	https://bit.ly/BCD-BNW-Tula-Dib-A
Baitang 7-10	B	https://bit.ly/BCD-BNW-Tula-Dib-B
Baitang 11-12	C	https://bit.ly/BCD-BNW-Tula-Dib-C
Mga Guro na nagtuturo ng Filipino	D	https://bit.ly/BCD-BNW-Tula-Dib-D

11. Tatanggapin ang unang isandaang (100) entri hanggang **10 Agosto, 5nh** ngunit kung maabot na ang inaasahang bilang bago ang itinalagang *deadline*, awtomatiko nang isasara ang *submission link* para sa paghinto ng pagtanggap ng mga lahoc.

12. Lahat ng entri ay susuriin batay sa pagsunod sa kahingian. Ang mga entri na kulang ang dokumento at hindi nakasunod sa hinihinging pamantayan ay hindi na mapabibilang sa opisyal na listahan ng mga lahoc o entri.

13. Ang iba pang mekaniks at pamantayan sa pagpili ng mananalong lahoc ay nakapaloob sa **LAKIP Blg.1**

14. Ang mga mananalong kalahok ay gagantimpalan ng mga sumusunod:

Unang gantimpala - PHP10,000.00, sertipiko, at medalya (ginto)

Pangalawang gantimpala - PHP7,500.00, sertipiko, at medalya (pilak)

Pangatlong gantimpala - PHP5,000.00, sertipiko, at medalya (tanso)

Makatatangap din ng Sertipiko ng Pagkilala ang mga Tagapayo ng mga mananalo



Republic of the Philippines
Department of Education
PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

BCD-CSDD-O-2021-2483

15. Ihahayag ang mga mananalong entri at kalahok sa huling linggo ng **Agosto 2021** sa pamamagitan ng FB Page ng **DepEd Philippines**.
16. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
17. Ang sinumang mapatunayang gumawa ng isang pandadaya ay hindi palalagpasin. Kakanselahin ng Kawanihan sa Paglinang ng Kurikulum o Bureau of Curriculum Development ang ipinagwaging entri.
18. Pára sa karagdagang detalye, maaaring makipag-ugnayan kay **Ma. Luisa M. Cantillo**, Senior Education Program Specialist ng Bureau of Curriculum Development – Curriculum Standards Development Division (BCD-CSDD), ikatlong palapag, Gusali ng Bonifacio, Kagawaran ng Edukasyon Central Office, Deped Complex, Meralco Avenue, Pasig City o sa Erya ng Filipino sa sulatroniko na bcd.csdd.filipinoerya@deped.gov.ph
19. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.



Republic of the Philippines
Department of Education
PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

BCD-CSDD-O-2021-2483

LAKIP BLG. 1

**PATNUBAY SA PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY AT MALAYANG TULA
PARA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2021**

I. Pagsulat ng Sanaysay

A. Mekaniks

1. Sa pagsulat ng **sanaysay**, dapat maiugnay ng mga kalahok ang mga paksang napili ayon sa kanilang dibisyon:

Dibisyon	Paksa
Baitang 4-6	Ang aking Karanasan sa Pagtutulungan ng aming Pamayanan
Baitang 7-10	Ang Gampanin ng Wikang Filipino sa Maayos na Pagkakaunawaan ng Magkakalayong Pulo
Baitang 11-12	Ang Kahalagahan ng Wikang Filipino sa aking Pagka-Pilipino
Guro sa Filipino	Mula Kolonyalismo, Tungo sa Nasyonalismo: Papel ng Wikang Pambansa at mga Katutubong Wika sa Pagbabagong-Oryentasyon ng Bansa

2. Ang mga entri sa bawat dibisyon ay kinakailangang magtaglay ng mga sumusunod na bilang ng mga salita:

Baitang 4-6 (Elementary)	400-500 na salita
Baitang 7-10 (Junior High School)	500-600 na salita
Baitang 11-12 (Senior High School)	700-800 na salita
Mga Guro sa Filipino	800-1000 na salita



Republic of the Philippines
Department of Education
PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

BCD-CSDD-O-2021-2483

B. Pamantayan

PAGSULAT NG SANAYSAY		
Nilalaman at Kaugnayan sa Paksa	kaangkupan at kabuluhan ng isinasaad	30%
Organisasyon	kaisahan ng diwa at daloy na talakay	30%
Estilo	orihinalidad, pagkamalikhain	30%
Mekaniks	wastong pagbaybay, gramatika, at bantas	10%
Kabuoan		100%

II. Pagsulat ng Malayang Tula

A. Mekaniks

1. Sa pagsulat ng malayang tula, dapat maiugnay ng mga kalahok ang mga paksang napili ayon sa kanilang dibisyon:

Dibisyon	Paksa
Baitang 4-6	Ang Pangangalaga ko sa aking Sarili at sa aking Komunidad
Baitang 7-10	Ang Papel ng Pakikipagtalastasan sa Panahon ng Isolasyon
Baitang 11-12	Ang Wikang Filipino bilang Wika ng Paghilom
Guro sa Filipino	Dekolonisasyong Pangwika sa Gitna at sa Kabila ng Globalisyon

2. Ang mga entri sa bawat dibisyon ay kinakailangang magtaglay ng mga sumusunod na bilang ng mga taludtod:

Baitang 4-6 (Elementary)	8-12 taludtod
Baitang 7-10 (Junior High School)	12-20 taludtod
Baitang 11-12 (Senior High School)	12-20 taludtod
Mga Guro sa Filipino	15-20 taludtod



Republic of the Philippines
Department of Education
PANGALAWANG KALIHIM NG KURIKULUM AT PAGTUTURO

BCD-CSDD-O-2021-2483

B. Pamantayan

PAGSULAT NG MALAYANG TULA		
Kasiningan	kaangkupan at kabuluhan ng isinasaad	40%
Gamit ng Wika	anyo, estilo, at pagkamalikhain	30%
Kaugnayan sa Tema	wastong pagbaybay, gramatika, bantas, at mabisang gamit ng mga salita	30%
Kabuoan		100%